## Certificate in Biblical Studies
## CBS500 Ang Mga Propeta

### CBS505 Daniel
**Conrad Jun Tolosa**

### Panimula: Ang Tawag kay Daniel at Kanyang Kabataan (Daniel 1)

Noong bandang 605 BC, sa panahon ng paghahari ni Haring Jehoiakim ng Judah, sinakop ng makapangyarihang hari ng Babilonia na si Haring Nebuchadnezzar ang Jerusalem (Daniel 1:1-2). Kabilang sa mga binihag patungong Babilonia ay isang kabataan na mula sa isang marangal na pamilya na nagngangalang Daniel. Si Daniel, kasama ng tatlo pang kabataang Hebreo—sina Hananiah, Mishael, at Azariah—ay pinili para sa mahalagang pagsasanay sa palasyo ng hari dahil sa kanilang katalinuhan, malusog na pangangatawan, at kakayahan (Daniel 1:3-4).

Bagama't nasa banyagang lupa, nagsimulang mahubog ang tawag ni Daniel mula sa Diyos. Kahit nasa loob ng palasyo ng Babilonia, kung saan nangingibabaw ang mga paganong kaugalian, nanatiling matatag si Daniel sa kanyang pananampalataya sa Diyos ng Israel. Nang inalok sila ng masaganang pagkain at alak mula sa mesa ng hari, humiling si Daniel at ang kanyang mga kaibigan na bigyan na lamang sila ng simpleng pagkain na gulay at tubig upang hindi sila madungisan alinsunod sa mga batas ng pagkain ng mga Hudyo (Daniel 1:8-16). Binasbasan ng Diyos ang kanilang pagsunod, at sila'y naging mas malusog kaysa sa ibang mga kabataan. Sila'y nangibabaw sa kaalaman at karunungan, at si Daniel ay biniyayaan ng kakayahan sa pagpapaliwanag ng mga panaginip at pangitain (Daniel 1:17).

**Timeline:**

- 605 BC: Dinala si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa pagkabihag sa Babilonia.
- 602 BC: Matapos ang tatlong taong pagsasanay, nagsimula si Daniel maglingkod sa haring Nebuchadnezzar.

### Isang Regalo ng Karunungan at Panaginip (Daniel 2)

Habang naglilingkod si Daniel sa korte ng Babilonia, lalo pang luminaw ang kanyang tawag nang magkaroon si Haring Nebuchadnezzar ng nakakabagabag na panaginip at walang sinuman sa mga magicians o wise men ang makapagpaliwanag nito (Daniel 2:1-3). Sa kanyang panalangin, ipinahayag ng Diyos kay Daniel ang kahulugan ng panaginip sa pamamagitan ng isang pangitain. Ipinaliwanag ni Daniel na ang panaginip ng hari tungkol sa isang higanteng rebulto ay kumakatawan sa magkakasunod na kaharian, mula sa Babilonia hanggang sa darating na walang hanggang kaharian ng Diyos (Daniel 2:31-45). Lubhang humanga si Nebuchadnezzar sa karunungan ni Daniel kaya na-promote siya sa mataas na posisyon sa Babilonia, ginawang tagapamahala ng buong lalawigan, at itinalaga ang kanyang mga kaibigan, sina Shadrach, Meshach, at Abednego, sa mga posisyong administratibo (Daniel 2:46-49).

### Matatag na Paninindigan: Ang Pugon na Nagniningas (Daniel 3)

Bagama't hindi direktang nasangkot si Daniel, hinarap ng kanyang mga kaibigang sina Shadrach, Meshach, at Abednego ang isang malaking pagsubok sa kanilang pananampalataya. Nagtayo si Nebuchadnezzar ng isang napakalaking gintong rebulto at iniutos sa lahat na yumuko rito (Daniel 3:1-

6). Tumanggi ang tatlong magkakaibigan, ipinahayag nila na ang kanilang Diyos ay kayang magligtas sa kanila, ngunit kahit hindi man sila iligtas, hindi pa rin nila sasambahin ang idolo (Daniel 3:16-18). Galit na galit si Nebuchadnezzar at iniutos na itapon sila sa isang pugon na nag-aapoy. Sa kanyang pagtataka, nakita ng hari ang apat na pigura sa apoy, isa sa kanila ay mukhang banal. Lumabas ang tatlong lalaki na walang pinsala, at kinilala ni Nebuchadnezzar ang kadakilaan ng kanilang Diyos (Daniel 3:19-30).

**Ang Pagpapakumbaba ni Nebuchadnezzar (Daniel 4)**

Ang kayabangan ni Nebuchadnezzar ang naging dahilan ng kanyang pagbagsak. Isang araw, nagkaroon siya muli ng panaginip, sa pagkakataong ito tungkol sa isang malaking puno na pinutol, at tanging tuod lamang ang naiwan (Daniel 4:10-16). Ipinaliwanag ni Daniel ang panaginip, binalaan ang hari na siya ay paparusahan ng Diyos dahil sa kanyang kayabangan maliban na lamang kung siya'y magsisisi (Daniel 4:24-27). Isang taon ang lumipas, habang naglalakad si Nebuchadnezzar sa bubungan ng kanyang palasyo at ipinagyayabang ang kanyang kadakilaan, bumaba ang hatol ng Diyos. Nawala ang kanyang katinuan at nabuhay siya na parang hayop sa loob ng pitong taon (Daniel 4:28-33). Nang tuluyang kinilala ni Nebuchadnezzar ang kapangyarihan ng Diyos, ibinalik Niya ang kanyang katinuan at kaharian, at pinuri niya ang Diyos ng langit (Daniel 4:34-37).

**Ang Pagsusulat sa Pader: Daniel sa Ilalim ng Pamamahala ni Haring Belshazzar (Daniel 5)**

Matapos ang kamatayan ni Nebuchadnezzar, si Belshazzar, na kanyang anak, ang sumunod na naging hari. Sa isang pista, nagpakita ng kayabangan si Belshazzar sa pamamagitan ng paggamit ng mga banal na sisidlan mula sa templo ng Jerusalem para uminom ng alak at purihin ang mga diyus-diyosan (Daniel 5:1-4). Bigla, lumitaw ang isang kamay at nagsulat ng mga mahiwagang salita sa pader: Mene, Mene, Tekel, Parsin (Daniel 5:5-6). Wala sa mga pantas ng hari ang makapagpaliwanag ng mensahe, kaya't tinawag si Daniel. Ipinaliwanag niya na ang mga salita ay nagpapahayag ng katapusan ng paghahari ni Belshazzar, dahil siya ay natagpuang kulang o hindi karapat-dapat sa Diyos. Nang gabing iyon, bumagsak ang Imperyong Babilonia sa mga Medes at Persians, at pinatay si Belshazzar (Daniel 5:25-30).

**Si Daniel sa Yungib ng mga Leon (Daniel 6)**

Sa ilalim ng pamumuno ni Haring Darius ng Imperyong Medo-Persian, muling sinubok ang pananampalataya ni Daniel. Naging paborito ni Darius si Daniel, at dahil dito, nagselos ang ilang opisyal at binalak siyang pabagsakin. Hinikayat nila ang hari na maglabas ng utos na walang sinuman ang maaaring manalangin sa kahit kanino o sa anumang diyos maliban sa hari sa loob ng 30 araw (Daniel 6:1-9). Bagamat alam ang utos, patuloy na nanalangin si Daniel sa Diyos ng tatlong beses sa isang araw, tulad ng kanyang nakagawian (Daniel 6:10). Ipinagbigay-alam ng mga opisyal sa hari ang ginagawa ni Daniel, at bagama't labag sa loob ni Darius, wala siyang magawa kundi ihagis si Daniel sa yungib ng mga leon. Ngunit iningatan ng Diyos si Daniel sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang anghel na nagpatikom sa bibig ng mga leon (Daniel 6:16-23). Kinabukasan, lubos ang galak ni Darius ng matagpuan si Daniel na walang pinsala, at iniutos niya na ang mga nagsakdal kay Daniel ang ihagis sa yungib ng mga leon, kung saan sila'y pinatay ng mga ito. Pagkatapos, naglabas si Haring Darius ng isang utos na pinupuri ang Diyos ni Daniel (Daniel 6:25-27).

**Mga Pangitain ni Daniel: Mga Propesiya ng Hinaharap na mga Kaharian**

Habang tumatanda si Daniel, nagsimula siyang makakita ng mga mahalagang pangitain mula sa Diyos tungkol sa mga hinaharap na kaharian at ang katapusan ng mga araw.

**Pangitain ng Apat na Hayop (Daniel 7)**

Nakita ni Daniel ang apat na hayop na umaahon mula sa dagat, kumakatawan sa apat na kahariang susunod: Babilonia, Medo-Persia, Gresya, at Roma. Ang huli sa mga hayop ay nagtataglay ng sampung sungay, at isang maliit na sungay ang umangat na naging mayabang at malupit. Ang pangitain ay nagtapos sa paglitaw ng "Nabubuhay Magpakailanman" at ng "Anak ng Tao," na magtatatag ng isang walang hanggang kaharian (Daniel 7:1-14). Ipinakilala ng pangitaing ito ang tema ng pangwakas na pamamahala ng Diyos sa lahat ng mga bansa.

**Pangitain ng Tupa at Kambing (Daniel 8)**

Nakita ni Daniel ang isang tupa na may dalawang sungay (Medo-Persia) na nasakop ng isang kambing na may malaking sungay (Gresya), na kumakatawan kay Alexander the Great. Pagkatapos ay nakita niya ang paglitaw ng isang maliit na sungay mula sa apat na bahagi ng kaharian ng Gresya, kumakatawan kay Antiochus IV Epiphanes, na magdadala ng matinding pag-uusig sa mga Hudyo (Daniel 8:1-25).

**Ang Pitumpung Linggo (Daniel 9)**

Pagkatapos basahin ang hula ni Jeremiah na tatagal ng 70 taon ang pagkatapon, nanalangin si Daniel para sa panunumbalik ng kaniyang bayan. Ang anghel na si Gabriel ay nagpakita at nagpahayag ng timeline ng 70 "linggo" o set ng pitong taon, na hinuhulaan ang pagdating ng Mesiyas at ang pagwawakas ng kasalanan (Daniel 9:24-27). Ang propesiya na ito ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang messianic prophecies sa Lumang Tipan.

**Ang Pangwakas na Pangitain (Daniel 10-12)**

Sa kanyang huling pangitain, nakatanggap si Daniel ng mga detalyadong paghahayag tungkol sa hinaharap, kabilang ang mga alitan sa pagitan ng mga hari sa hilaga at timog (Daniel 11) at isang panahon ng matinding pagkabalisa sa katapusan ng mga araw. Ang pangitain ay nagtapos sa isang pangako ng muling pagkabuhay ng mga patay at ang gantimpala ng buhay na walang hanggan para sa mga matuwid.

Ang mga pangitain ni Daniel ay nagbibigay ng mga detalye tungkol sa mga kaharian na darating, ang hinaharap na pag-uusig ng mga Hudyo, at ang huling tagumpay ng kaharian ng Diyos. Sinasalamin nito ang pagkakaroon ng Diyos ng kontrol sa lahat ng kasaysayan at ang katiyakan ng pagdating ng Mesiyas.

**Pamana**

Ang mga sinulat at propesiya ni Daniel ay nag-iwan ng malalim na impluwensya sa parehong tradisyong Hudyo at Kristiyano. Ang kanyang mga pangitain ay may mahalagang papel sa eskatolohiya, ang pag-aaral ng mga huling panahon. Ang kanyang buhay ng katapatan, panalangin, at pananalig ay nagiging halimbawa para sa mga mananampalataya sa lahat ng panahon. Ang Aklat ni Daniel ay isang mahalagang teksto na nagbibigay ng inspirasyon at gabay sa mga mananampalataya, na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos at ang kahalagahan ng katapatan sa gitna ng mga pagsubok at kahirapan.

Si Daniel ay isang halimbawa ng isang propetang matatag sa kanyang pananampalataya, kahit sa harap ng malaking panganib at kahirapan. Ang kanyang mga propesiya at mga kwento ng katapatan ay nagbibigay ng walang hanggang aral tungkol sa kahalagahan ng pananalig, panalangin, at pagtitiwala sa Diyos. Ang kanyang mga mensahe ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon at gabay sa mga mananampalataya sa lahat ng panahon.

***Multiple Choice:***

1. Bakit tinanggihan nina Daniel at ng kanyang mga kaibigan ang pagkain mula sa mesa ng hari?
   a. Dahil hindi ito malinis ayon sa batas ng kanilang pananampalataya
   b. Dahil mas gusto nilang maging mas payat
   c. Dahil gusto nilang subukan ang kanilang kakayahang magtiis
   d. Dahil ito'y utos ni Nebuchadnezzar

2. Ano ang ipinakita ng Diyos sa pamamagitan ng kaligtasan nina Shadrach, Meshach, at Abednego mula sa pugon?
   a. Na ang Diyos ay mas makapangyarihan kaysa sa apoy
   b. Na ang tatlong Hebreo ay mahal ng Diyos higit sa lahat
   c. Na ang mga hari ay walang tunay na kapangyarihan
   d. Na ang Diyos ng Israel ay maaaring magligtas mula sa imposible

3. Paano nagpakita ang Diyos ng Kanyang soberanya sa buong aklat ni Daniel, at paano ito nagiging mahalagang tema sa pananampalataya ng mga Israelita?
   a. Ang Diyos ay nagbigay ng kapangyarihan sa mga hari ng Babilonia.
   b. Ang Diyos ay nagpadala ng mga propeta upang magbigay ng direksyon sa mga hari.
   c. Ang Diyos ay lumikha ng mga pangitain upang ipakita ang hinaharap ng mga bansa, na nagpapakita ng Kanyang kontrol sa lahat ng kaharian.
   d. Ang Diyos ay nagbigay ng mga karamdaman upang turuan ang mga tao.

4. Paano ipinakita ng mga pangitain ni Daniel ang darating na Mesiyas, at ano ang koneksyon nito sa mga propesiya ng iba pang mga aklat sa Lumang Tipan?
   a. Ipinakita ni Daniel na ang Mesiyas ay isang makapangyarihang hari na magpapalaya sa mga Israelita mula sa lahat ng pagkakaalipin.
   b. Ang mga pangitain ni Daniel ay nagpapahiwatig na ang Mesiyas ay itatatag ang isang kahariang hindi magwawakas, katulad ng inihula ng mga propetang sina Isaiah at Jeremiah.
   c. Ang Mesiyas ay darating bilang isang mananakop na hari, katulad ng inilarawan ng mga aklat ng mga Hari at Mga Hukom.
   d. Wala itong kinalaman sa Mesiyas, kundi sa mga lokal na hari.

5. Basahin ang Daniel 7:9. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tama?
   a. Binibigyang-diin nito ang gawain ng Diyos bilang manunubos.
   b. Ipinapakita dito na ang Diyos existed bago pa nagsimula ang panahon at ang Kanyang pagiging eternal.
   c. Ipinapakita dito ang pagiging omnipresent ng Diyos sa buong sansinukob.
   d. Pinapahiwatig ng talata ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesus.

6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang mababasa mo sa aklat ng Daniel?
   a. Ipinapakita ng aklat ni Daniel na wala talagang kapangyarihan ang Diyos sa mga gawain ng mga hari.
   b. Wala itong ipinapakitang providence ng Diyos, sapagkat lahat ng pangyayari ay likha lamang ng kapangyarihan ng tao.

c. Pinapakita ng aklat ni Daniel na kahit na nasa ilalim ng pamamahala ng mga mapang-api, ang Diyos ay aktibong gumagawa sa likod ng mga pangyayari upang tuparin ang Kanyang layunin at plano sa Kanyang bayan.
d. Ipinapakita ng aklat ni Daniel na ang Diyos ay sinususpindi ang Kanyang plano upang bigyan ng kalayaan ang mga hari.

7. Paano nagiging halimbawa ang katapatan ni Daniel sa harap ng opresyon ng Babilonia para sa mga Kristiyano sa modernong panahon na humaharap din sa mga pagsubok sa kanilang pananampalataya?
   a. Ang halimbawa ni Daniel ay nagpapakita na ang paglayo sa pananampalataya ay minsan kailangan upang manatiling ligtas
   b. Ipinapakita ni Daniel na ang mga pagsubok ay hindi dapat harapin; dapat lamang iwasan
   c. Ang halimbawa ni Daniel ay nagpapakita na tanging mga lider lamang ang dapat tumayo para sa kanilang pananampalataya
   d. Ang katapatan ni Daniel sa kabila ng panganib ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga Kristiyano na manatiling tapat sa kanilang pananampalataya kahit pa sa harap ng mga batas o pamantayan ng mundo na sumasalungat dito

© September 2024 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.